

Ano ang mangyayari sa check-up ng anak mo?



Ang provider ng anak mo ay:

- Gagawa ng pisikal na eksaminasyon
- Magtatanong tungkol sa kasaysayan sa kalusugan ng pamilya mo
- Magbibigay ng mga nirekomendang pagturok, kung kailangan
- Pag-usapan ang tungkol sa kalusugang dental at, kapag kailangan, bigyan ang anak mo ng fluoride varnish at mga fluoride supplement, at tulong na makahanap ng dentista
- Pagsuri sa pagdinig at paningin ng anak mo
- Talakayin ang mahahalagang pangkalusugang paksa tulad ng pag-develop, mga pag-uugali, kalusugan ng pag-iisip mo at ng anak mo, nutrisyon, pagtulog, kaligtasan, at pagbibigay ng proteksiyon sa balat mula sa araw

Ang provider ng anak mo ay susuri para sa:

- **Mga developmental milestone**
- **Lead na paglason**
- **Anemia**, kung nasa peligro
- **Autism**
- **Pagsusuri sa depression** sa mga bagong ina
- **Ligalig**
- **Tuberkulosis (TB)**, kung nasa peligro
- **Kolesterol**, kung nasa peligro
- **Mga ibang pangkalusugang isyu** o mga alalahaning mayroon ka

Pebrero 2023 para sa mga batang mula sa pagkakapanganak hanggang sa edad na 12

Kung may mga tanong o alalahanin ka o gustong matuto pa

Ang iyong planong Medi-Cal managed care

Ang numero ng telepono ay nasa iyong ID card ng plano at website ng plano mo

O pumunta sa www.dhcs.ca.gov/mmchpd

Linya ng Tulong ng Miyembro ng Medi-Cal

Tumawag sa **1-800-541-5555** (TDD 1-800-430-7077)

O pumunta sa www.dhcs.ca.gov/myMedi-Cal

HPSM Dental

Call HPSM Member Services sa **1-800-750-4776** (TTY 1-800-735-2929) O pumunta sa www.hpsm.org/dental

Mga Specialty na Kalusugang Pangkaisipan

Tumawag sa **1-888-452-8609**

Para magtanong tungkol sa mga serbisyo para sa seryosong kungisyon sa kalusugang pangkaisipan, kontakin ang iyong Plano ng Kalusugan ng Pag-iisip ng county ng www.dhcs.ca.gov/CMHP

Paggamit ng alkohol o droga

Tumawag sa Department of Health Care Services (DHCS) Substance Use Resource Center 24/7 sa **1-800-879-2772**

O pumunta sa www.dhcs.ca.gov/SUD-NETRL

Suporta sa krisis

Tumawag sa National Suicide Prevention Line sa **988**

Or tumawag sa **1-833-317-HOPE** (4673)


Para sa live na CalHOPE na pagpapayo sa krisis, pumunta sa www.calhopeconnect.org

Ang iyong mga karapatan at responsibilidad

Tumawag sa **1-888-452-8609**



www.dhcs.ca.gov/kidsandteens



Medi-Cal for Kids & Teens

Mga serbisyong pang-iwas at paggamot mula sa pagkakapanganak hanggang sa edad na 21



Ang mga Medi-Cal na serbisyo ay libre para sa mga bata



Libre ang lahat ng pag-aalagang kailangan ng anak mo

Kung ang anak mo ay naka-enroll sa Medi-Cal, kuwalipikado sila para sa mga libreng serbisyo at suporta na kailangan nila para manatili o maging malusog mula sa pagkakatanganak hanggang sa edad na 21.


Kasama dito ang mga check-up, pagtuturok, mga pangkalusugang screening, at paggamot para sa pisikal, pangkaisipan, at dental na kalusugang problema.

Basahin ang timetable ng check-up sa ibaba

Mahalagang dalhin ang anak mo para sa mga regular na check-up kahit na wala silang sakit. Ang mga regular na check-up ay makakapagpanatili sa anak mong malusog. Mapipigilan nila ang mga pangkalusugang problema, at mahahanap at matutugunan sila nang maaga.

Makakagawa ka ng appointment anumang oras para makipag-usap sa doktor, kahit na kakapa-check-up pa lang ng anak mo. Basahin ang timeling ng check-up sa ibaba.

Mag-iskedyul ng check-up sa o bago ang mga edad na ito



Makakakuha ka ng libreng transportasyon sa mga medikal na appointment



Planuhi ang check-up ng anak mo

Tawagan ang iyong pinamamahalaang plano ng pag-aalaga. O tumawag sa Linya ng Tulong ng Miyembro ng Medi-Cal sa **1-800-541-5555** (TDD 1-800-430-7077).

Makakakuha ka ng tulong para:

- **Maghanap ng doktor** o mag-set up ng appointment
- **Makakuha ng libreng sakay** papunta sa at mula sa iyong appointment o para kumuha ng medikasyon, medikal na kagamitan, at mga supply
- **Humingi ng tulong sa wika** sa iyong appointment
- **Humingi ng mga serbisyo ng pag-interpret**

Kung kailangan mo ng flyer na ito o ibang materyales ng Medi-Cal sa isang **alternatibong format** tulad ng mas malaking font, audio format, CD, o braille, tumawag sa **1-833-284-0040**.

Sinasaklawan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teens ang mga serbisyo para pamahalaan at gamutin ang mga pangkalusugang problema

Kung makahanap ang doktor ng pisikal, pangkaisipan, o dental na alalahanin sa kalusugan na kailangan ng paggamot o pamamahala, dapat magbigay at saklawan ng Medi-Cal ang kailangang pag-aalaga.

Pag-aalagang nasasaklawan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen:

- Mga pisikal na pangkalusugang serbisyo, kasama ang primary na pag-aalaga at mga pagbisita ng espesyalista
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at paggamot sa dorga o alkohol, kasama ang therapy
- Mga dental na check-up at mga follow-up na serbisyo
- Mga serbisyo sa paningin, kasama ang mga salamin
- Mga serbisyo sa pagdinig
- Pagsusuri at paggamot para sa COVID-19
- Mga medikal na kagamitan at supply, kabilang ang matibay na kagamitang medikal
- Medikasyon
- Mga lab test, kabilang ang mga blood test para masuri ang mga lebel ng lead, at anumang kailangang follow-up na pag-aalaga
- Pisikal, occupational, at pagsasalita na therapy
- Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan, kabilang ang nursing na pag-aalaga
- Ospital at residensiyal na paggamot
- Lahat ng mga ibang kailangang serbisyo, ayon sa nadetermina ng tagapaglaan ng anak mo

